Ontario

# PALABAS NA BALITA

Ministeryo ng Pananalapi

## Ang Plano para Protektahan ang Ontario

### Inilunsad ng *2026 na Budget ng Ontario* ang plano upang maprotektahan ang mga manggagawa at pamilya ng Ontario sa pamamagitan ng pagbuo ng isang mas kompetitibo, matatag at nakadepende sa sariling ekonomiya

**Balita** Marso 26, 2026

TORONTO — Ngayon, inilabas ng Ministro ng Pananalapi na si Peter Bethlenfalvy ang *2026 na Budget ng Ontario: Ang Plano para Protektahan ang Ontario*. Sa kalagitnaan ng mga taripa at kawalang-katiyakan sa ekonomiya, patuloy na inilulunsad ng pamahalaan ang kanyang plano upang maprotektahan ang Ontario sa pamamagitan ng pagbubuo ng pinaka-kompetitibo, matatag at nakadepende sa sariling ekonomiya sa G7, kabilang ang makabuluhang kaginhawahan sa buwis na matatagpuan sa susunod na yugto ng Plano ng Aksiyon sa Buwis (Tax Action Plan) ng Ontario. Higit pang mapalalago ng *2026 na Budget* ang plano ng pamahalaan na magkaroon ng higit pang mga trabaho at pamumuhunan, mapababa ang mga gastos para sa mga manggagawa at negosyo, panatilihing abot-kaya ang buhay para sa mga pamilya at indibidwal at magsagawa ng mga nilalayong pamumuhunan sa mahahalagang serbisyo sa publiko na nagbibigay-suporta sa pangmatagalang kasaganaan ng probinsiya.

“Hinaharap ng Ontario ang mga kahirapan sa ekonomiya sa pamamagitan ng makatwiran at maingat na plano ng pananalapi,” sabi ni Ministro Bethlenfalvy. “Upang matulungan na maharap ng probinsiya ang mga pangyayaring ito at sa pagtatapos ay maging mas malakas pa, namumuhunan tayo sa estratehikong mga prayoridad na tulad ng enerhiya, kritikal na mga mineral, lubos na mahahalagang imprastraktura at kritikal na mga teknolohiya na magreresulta sa pagiging mas malakas ang ating ekonomiya, habang inaalis ang labis-labis na burukrasya at bumubuo ng mga kundisyon para mapalago ang mga negosyo, mapalago ang mga manggagawa at mapalakas ang ekonomiya ng Ontario.”

Kahit na dumaranas ng mga pandaigdigang mga kahirapan sa ekonomiya. Ang *2026 na Budget* ng Ontario ay nagpapakita ng mga benepisyo ng katatagan ng probinsiya at maingat na pangangasiwa ng pananalapi sa kasalukuyan. Habang ang ibang mga other probinsiya at ang pederal na pamahalaan ay nagsagawa ng makabuluhang pagpapaliit ng pondo, pagbabawas ng laki ng mga serbisyong sibil o pinatataas ang mga buwis, ang *2026 na Budget* ng Ontario ay patuloy na magpapalago ng pagpopondo sa mga lubos na mahahalagang prayoridad na tulad ng imprastraktura, pangangalagang pangkalusugan at edukasyon, habang nagbibigay ng makabuluhang pagbabawas ng buwis upang maging mas abot-kaya ang buhay para sa mga pamilya sa Ontario, mapalago ang pagiging kompetitibo at maisulong ang pamumuhunan at pagkakaroon ng mga trabaho sa probinsiya.

Ang pamamaraan ng pamahalaan ay nagpapanatili ng landas patungo sa pagkakaroon ng balanse bilang bahagi ng kanyang plano ng pananalapi. Ang *2026 na Budget* ay patuloy na nagsasagawa ng maingat at may pananagutang pamamaraan sa pananalapi sa pamamagitan ng napananatiling mga pamumuhunan sa lubos na mahahalagang mga serbisyo sa publiko, habang ipinapatuloy ang kaluwagan sa pananalaping kinakailangan upang matugunan ang nagbabagong mga kundisyon at masuportahan ang mga tao sa Ontario.

Kasama sa pinakamahalaga:

- Ang pagpapatupad ng Plano ng Aksiyon sa Buwis ng probinsiya upang magresulta sa pagiging pinaka-kompetitibong hurisdiksiyon ang Ontario sa G7 at mapababa ang gastos sa pamamagitan ng:
    - Pagbibigay ng karagdagan pang tulong sa mga namimili ng bahay sa pamamagitan ng pag-aalis ng buong 13 porsiyento ng Pinag-isang Buwis sa Pagbebenta (Harmonized Sales Tax, HST) para sa lahat ng kuwalipikadong mamimili ng mga bagong bahay na nagkakahalaga ng hanggang sa $1 milyon para sa pinakamalaking diskuwento at $130,000 bilang tulong sa mga karapat-dapat na mamimili at ang halaga ay ipananatili para sa mga bagong bahay na nagkakahalaga nang hanggang sa $1.5 milyon. Sumang-ayon ang pederal na pamahalaan sa pagbabahagi ng gastos sa Ontario bilang suporta sa mga inisyatiba sa pabahay sa probinsiya, na naka-depende sa pag-apruba ng pederal na batas, na humigit-kumulang na masasakop ang limang porsiyentong pederal na bahagi ng HST na inaalis mula sa mga bagong bahay sa Ontario. Ang pagtutulungang ito ay magreresulta sa halos $2.2 billion sa kabuuang magkasamang tulong sa buwis para sa mga pabahay sa Ontario.
    - Sinisigurong nagpapatuloy na manatling kompetitibo at matatag ang mga malilit na negosyo sa Ontario sa pamamagitan ng pagmumungkahi na bawasan ang antas ng buwis sa kita ng korporasyon (corporate income tax, CIT) ng maliit na negosyo mula sa 3.2 na porsiyento patungo sa 2.2 na porsiyento na magkakabisa mula Hulyo 1, 2026. Sa pamamagitan ng pagpapabawas ng antas nang mahigit sa 30 porsiyento, ang mahigit sa 375,000 mga maliliit na negosyo sa Ontario ay makikinabang mula sa karagdagang $1.1 billion na CIT na tulong para sa susunod na tatlong taon.

- Nilalayong pababain ang halaga ng pamumuhunan sa kapital sa pamamagitan ng pagpayag sa mga negosyo na pabilisin ang pagpapabawas ng buwis sa kita para sa gastos ng mga maaaring pawalang-halagang mga ari-arian, bilang kasabay sa mga pagbabagong inihayag ng pederal pamahalaan. Ang mga pagbabagong ito ay magpapababa sa gastos ng pamumuhunan sa malaking saklaw ng mga ari-arian at magkakabisa sa susunod na pag-apruba ng pederal na batas.

- Ang pagtatatag ng the Pondo ng Pamumuhunan ng Account upang Maprotektahan ang Ontario (Protect Ontario Account Investment Fund), na kung saan ang probinsiya ay mamumuhunan nang hanggang sa $4 na bilyon upang makaakit ng pamumuhunan mula sa mga pension fund at iba pang mga pribadong kapital upang maisulong ang pangmatagalang pang-ekonomiya at estratehikong prayoridad ng Ontario.

- Ang pagpapalago ng pagpopondo para sa Ontario Autism Program nang hanggang sa $1 bilyon bawat taon, na magreresulta sa pagkakaroon ng kakayahan na makatanggap ang higit pang mga bata at kabataan na makatanggap ng pangunahing klinikal na mga serbisyo habang higit pang pinapalakas ang kapasidad ng sektor sa buong probinsiya.

- Ang pagpapalawak ng apat na taong pamumuhunan ng Ontario sa Plano sa Aksiyon sa Panungahing Pangangalaga (Primary Care Action Plan) patungo sa $3.4 na bilyon mula 2025 hanggang sa 2029, na magpapasulong sa plano ng probinsiya na maikonekta ang lahat ng tao sa Ontario sa isang pampamilyang doktor o pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga. Ang mga inisyatiba sa pamamagitan ng Plano sa Aksiyon sa Panungahing Pangangalaga ay makakatulong sa pagbabawas ng puwang para sa mga natitirang mga tao sa Ontario na nagnanais na makipag-ugnayan sa pangunahing pangangalaga, makamit ang layuning maikonekta ang bawat tao sa Ontario sa pangunahing pangangalaga.

- Ang pamumuhunan ng lubos na mapag-adhikang plano ng kapital ng probinsiya sa kasaysayan ng Canada, na may pinaplanong pamumuhunan nang mahigit sa 10 taon na nagreresulta sa kabuuang mahigit sa $210 bilyon, kabilang ang $37 bilyon sa 2026–27. Kabilang dito ang pagbubuo ng mga imprastraktura sa lansangang-bayan, ospital, transportasyon at komunidad upang mapanatili sa trabaho ang mga manggagawa, mapalakas ang ekonomiya ng Ontario at masigurong umuunlad ang mga ekonomiya para sa mga susunod na henerasyon.

- Ang pagbibigay ng karagdagang $300 milyon sa buong haba ng anim na taon sa pamamagitan ng Pondo ng Imprastraktura para sa Palakasan at Libangan sa Komunidad (Community Sport and Recreation Infrastructure Fund), upang matulungang matugunan ang mga pangangailangan ng lumalagong komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay-suporta sa pagkukumpuni, pagpapabuti o pagbubuo ng bagong mga pasilidad sa palakasan at libangan sa buong probinsiya. Ang kabuuan ng pamumuhunan ng Ontario sa programa ngayon ay nagkakahalagang $500 million.

- Ang pagpapabuti ng mga nakakamit ng mag-aaral at paghahanda ng mga mag-aaral sa hinaharap sa pamamagitan ng pamumuhunan ng $66 na milyon bawat taon ng pag-aaral upang maitatag ang Classroom Supplies Fund para sa mga guro sa elementarya sa homeroom upang makatanggap ng Classroom Supplies Card na nagbibigay-kakayahang makatanggap ng $750 bawat taon upang mabawasan ang mga kinakailangang bayaran mula sa sariling bulsa.

- Ang pagtitipid ng mga gumagamit ng mga naglalakbay sa Greater Toronto and Hamilton Area (GTHA) nang hanggang sa $1,600 bawat taon, sa pamamagitan ng pagpapahaba ng Ontario One Fare Program nang karagdagan pang dalawang taon upang makapagpatuloy na mapanatiling mababa ang gastos para sa mga nagbibiyahe.

## Mga Katotohanan

- Ang kakulangan ng Ontario para sa 2025–26 ay tinataya na magiging $12.3 billion — isang pagpapabuti na $2.3 bilyon kung ikukumpara sa pananaw na inilathala sa *2025 na Budget*.
- Ang maingat na pagpaplano ng Ontario ay nagreresulta sa hindi pagtaas ng buwis o pagtanggal ng mga serbisyo, at ang Ontario isa sa tanging mga probinsiya na nananatili sa landas upang maging balanse.
- Sa katamtamang haba ng panahon, inaasahan ng pamahalaan na magkaroon ng kakulangan na $13.8 bilyon sa 2026–27 at $6.1 bilyon sa 2027–28, bago magplano para sa pagkakaroon ng kalabisan na $0.6 bilyon sa 2028–29.
- Ang tunay na GDP ng Ontario ay tumaas ng tinatayang 1.2 porsiyento noong 2025 at tinatayang tataas ng 1.0 porsiyento sa 2026, 1.7 porsiyento sa 2027, 1.8 porsiyento sa 2028 at 2.0 porsiyento sa 2029.
- Ang netong utang ng Ontario kung ikukumpara sa kanyang GDP ay inaasahan na ngayong magiging 36.8 na porsiyento, isang pagbaba ng 1.1 na puntos ng porsiyento mula sa 37.9 na porsiyentong inaasahan sa *2025 na Budget*, na pangunahing resulta ng mas mababa kaysa sa inaasahang kakulangan. Sa katamtamang haba ng panahon, netong utang kung ikukumpara sa kanyang GDP ay inaasahang manatiling mas mababa sa nilalayong 40.0 porsiyento, na nagpapakita na patuloy ang Ontario patungo sa pagkakaroon ng positibong pag-unlad patungo sa pagbabawas ng kanyang utang.

## Karagdagang Mapagkukunan ng Impormasyon

Basahin ang 2026 na Budget: Ang Plano para Protektahan ang Ontario

Basahin ang mga mahahalagang bahagi ng 2026 na Budget: Ang Plano para Protektahan ang Ontario

Basahin ang Backgrounder: Buod ng Ekonomiya at Pananalapi

**MGA MAKAKAUSAP NG MEDIA**

Sarah Chapin
Opisina ni Ministro Bethlenfalvy
Sarah.Chapin@ontario.ca

Scott Blodgett
Sangay ng Komunikasyon
Scott.Blodgett@ontario.ca

**news.ontario.ca/mof/en**
*Disponible en français*